# 1

Masusing sinipat ni Andy ang nakakabighaning larawan sa kanyang harapan at hindi na niya napigilan pa ang pagkaripas na takbo ng kanyang pulso. Isa itong publicity photo ng kanyang paboritong artista, si Gabby Monreal.

Kahit na black and white lamang ang tinta sa tabloid, lutang na lutang pa rin ang bawat detalye ng kaguwapuhan ng bagong idolo ng bayan. He had the typical dropdead mestizo good looks, but what distinguished him from the rest of the pack was the mischievous glint in his deep-set eyes.

Pakiwari ni Andy, nababasa ng misteryoso nitong mga mata ang lahat ng bawat lihim sa kaibuturan ng kanyang pagkatao. Hindi niya mapigilan ang kiligin. Kung kaharap lang niya ito, malamang naisandal na niya ang kanyang likod sa matipuno nitong dibdib.

*Oh, how I would give anything for that chance,* piping gagad ng utak niya habang ang kanyang mga mata ay nakapikit, whipping up a dreamy scenario fit for the silver screen. Isa sa mga lihim ni Andy ang kanyang pagiging Tagalog movie fanatic. The rest of the guys in their unit would mercilessly tease her

kung sakaling malaman ng mga iyon ang tungkol dito, dahil masisira ang kanyang tough-girl image.

Binuksan niya ang kanyang mga mata at muling tinitigan ang larawan, na para bang minememorya ang bawat nitong detalye, bago tuluyang isinara ang tabloid at ipinatong ito sa kanyang kandungan. She could not help but detect an air of sadness in his photo—all of his photos for that matter. At marami siya niyon, dahil isa pa sa mga guilty pleasures niya ang bumili ng fan magazines.

She had always thought that somehow, behind the façade of the strong macho man portrayed by Gabby in his many films, was the aura of a lost little boy. His unruly thick wavy jetblack hair was beckoning her to run her delicate fingers through their silky splendor.

Bumuntong-hininga si Andy para mahimasmasan ang sarili. Now was definitely not the right time for her mind to wander off. Nasa trabaho siya. Undercover.

Inayos niya ang kanyang salamin at muling iginala ang mga mata sa loob ng pampasaherong aircon bus na kanyang sinasakyan.

Palihim niyang tinitigan ang patpating teenager

na kauupo pa lamang sa kanyang tabi. Kasasakay lamang nito, kasama ang dalawa pang binata. Ang ipinagtataka niya, namatyagan niyang nag-uusap ang tatlo sa may pintuan, ngunit hindi naman sila naupong magkakatabi kahit na maraming bakanteng silya.

Biglang bumulwak ang asido sa kanyang tiyan. As a police officer, her intuiton had been honed by training to smell when something was not right. And at that very moment, she knew without a trace of doubt that something was bound to go wrong on this otherwise boring commute. Mukhang hindi gagawa ng maganda ang tatlong itlog. Marahil mga gang members.

Mula sa gilid ng kanyang mga mata, napansin niya ang namumuong butil ng pawis sa noo ng kanyang katabi. May malalim itong peklat sa noo malapit sa kaliwang kilay. Ang makapal nitong buhok ay bahagyang natatakpan ang mga mata nitong nanlilisik. Imbis na matakot sa maaaring gawin ng hold-upper, nakadama siya ng panghihinayang. They were just too young.

Sa taas ng sikat ng araw, namumukadkad ito sa suot nitong itim na jogging pants na may katernong de-zipper na sweater. Alam niya kung bakit ganoon

ang attire nito; para maikubli ang dala-dala nitong armas.

Hindi siya maaaring magkamali sa maitim nitong balak. Ngayon, para itong balisang aso na naghahanap ng buto sa lupa, sa pagkalikot ng kung anumang bagay sa loob ng suot na sweater.

Bumilis ang paghinga ni Andy. Damang-dama niya ang kakaibang hapdi sa kanyang sikmura. Ito na ang pinakahihintay niyang sandali—ang madakip ang maliit na lupon ng mga hold-upper na nangte-terrorize ng mga commuters ng bus na biyaheng Ayala hanggang Cubao.

Ang binatang nakapula na isa sa mga hoodlum, ay naupo sa likuran. Ang pangalawa na nakasuot ang isang asul na t-shirt, ay pumuwesto sa likuran ng driver sa may estribo. Andy absently ground her teeth as she thought about what she ought to do, when the three hardened thugs decide to make their move. Mahihirapan siya kung lahat ng mga ito ay may dalang baril.

Subalit base sa kanyang mga karanasan, kalimitan, ang mga petty thieves na tulad ng mga ito ay walang bitbit na loaded weapon. She said a silent prayer in her favor.

Muli niyang pinagmasdan ang would-be convict sa kanyang kanan. Tama nga ang kanyang kutob. From the corner of her eye, she spotted a small outline of a pocketknife, which her seatmate was unsuccessfuly hiding behind his sweater's open zipper. The menacing look on his face as he signals to his cohorts was enough to make any woman's blood run cold.

But Andrea Maramot was not just any woman. Hindi siya isang tipikal na babae. She was not afraid.

Inilabas ni Andy ang kanyang compact face powder para pasimpleng mamatyagan ang lalaki sa estribo, pati na rin ang binatang nakaupo sa likuran, gamit ang salamin. Ang nakaupo sa dakong unahan malapit sa driver ay naglabas ng kutsilyo mula sa kanyang pantalon. Ngunit ang teener sa likuran ang umagaw ng kanyang atensyon. Bitbit nito ang isang .45 caliber.

Anak nga naman ng tokwa.

"Manahimik kayong lahat kung ayaw n'yong masaktan," malakas na sigaw ng lalaking may dalang baril.

Lahat ng pasahero ay tila parang mga robot na sabay-sabay inikot ang kanilang mga ulo sa direksyon

ng sigaw nito. Ang konduktor ay napaupo sa isang bakanteng silya. Ang bitbit na libreta ng ticket ay nahulog sa sahig, kasama ang perang nakapinid sa mga daliri nito.

Ibinaba ni Andy ang kanyang compact at nagpanggap na takot. Naghanda siya sa gagawin ng kanyang katabi ngunit wala pa rin itong imik.

Naglabas ang nakapula ng isang maliit na dufflebag. "Ilagay ninyo rito ang inyong mga alahas, cellphone, pitaka," utos nito sabay abot ng bag sa umiiyak na babae sa likuran.

Nag-alangan ang ale sa paglagay ng kanyang mga gamit sa loob nito. Isang dagok ang iginanti sa kanya ng hoodlum gamit ang puwit ng baril. Tumagas ang dugo mula sa sugatan nitong ulo. Nagsigawan ang mga pasahero.

Hindi na muling nagdalawang-isip pa ang babae sa paglagay ng pera at gamit sa duffle bag. Mas mahal nito ang sariling buhay.

"Bilisan n'yo kung ayaw n'yong gamitin ko ito," banta muli ng lalaki patukoy sa hawak na itim na baril.

"Magsunuran na kayo at nang walang masaktan," anang binata sa estribo. "Ipasa n'yo ang bag papunta

sa akin."

Kapagdaka ay sinabihan nito ang driver na ihinto ang sasakyan sa tagiliran ng accident lane sa EDSA. At inutusan rin nito na buksan ang pinto para sa madaliang pagtakas ng mga magnanakaw.

Sa puntong iyon, hindi pa rin gumagalaw ang binata sa tabi ni Andy. Patuloy ang pagpatak ng pawis sa gilid ng ulo nito. She could smell his fear. Alam niya, isa lamang ito sa mga decoy ng tropa. Nagsisilbing secret weapon kung sakaling may magtangkang umalma sa kanilang mga plano.

Sa puntong iyon, lahat ng mga pasahero ay natameme sa takot. Sinunod nila ang ipinag-uutos ng mga hold-uppers. Wala nang nag-atubili sa pagbibigay ng kanilang mga alahas, cellphone at pitaka.

Habang abala ang mga magnanakaw sa pangongolekta ng mga gamit, nagpanggap si Andy na kinukuha ang kanyang wallet sa loob ng kanyang backpack.

Nang mahawakan niya ang pamilyar na malamig at matigas na bakal, hindi na siya nagdalawang-isip pa. Agad niyang kinabig ang lalaki sa kanyang tabi sa abot-lakas ng kanyang makakaya. Her elbow

connected with the delicate bone in his neck and he immediately crumpled onto the aisle flailing his arms and legs in sheer pain. He lost his grip on his knife, which landed safely under one of the seats.

Agad inasinta ng nakapulang hoodlum ang baril sa direksyon niya nang makita nito ang mga pangyayari. But being a trained officer of the law, she was much faster. Bago pa man nito maikasa ang caliber, Andy already fired one shot. Bull's eye.

The bullet met its target—his upper right shoulder. Blood oozed onto the floor. Nabitawan ng nagulantang na lalaki ang hawak nitong baril. Nagsigawan ang mga pasahero. Ang iba ay yumuko sa takot na madaplisan ng bala.

Biglang nag-panic ang nakaasul na hold-upper sa tabi ng driver. Alam nitong wala siyang kawala kaya agad itong tumalon papalabas ng pinto at kumaripas ng takbo.  Wala na itong pakialam kung ano man ang kahinatnan ng mga kasama.

Naglakad si Andy, nakataas pa rin ang baril, patungo sa lalaking duguan. Hindi na niya kailangan pang problemahin ang katabing binata dahil nakakuyom ang katawan nito sa sahig na para bang bagong silang na sanggol, habang pinagsisisipa ng mga galit na pasahero.

Sinipa ni Andy ang baril papalayo. Kinuha niya ang posas sa likuran ng kanyang pantalon at ikinawit ito sa kaliwang kamay ng sugatang magnanakaw. Ang isang bahagi ng posas ay ikinabit naman niya sa isang paa ng metal na silya.

“Huwag kayong mag-alala,” aniya sa mga paralisadong pasahero sa likuran. She opened her wallet to flash her badge. “I’m a police officer. Matagal na ho naming hinahanap ang mga sangganong ito.”

# 2

"Ate! Ate, isa ka na namang hero," sigaw ni Enteng, ang nakababatang kapatid ni Andrea, pagpasok niya sa loob ng bahay.

Pabiro niyang kinutusan ang ulo nito. Pakiwari niya, pangalawa siya nitong ina dahil halos labintatlong taon ang tanda niya rito. "Ikaw talagang bata ka, binobola mo na naman ako."

"Hindi, Ate. Isa ka talagang bayani. Napabalita sa *TV Patrol* ang ginawa mo sa bus," sabi nito sabay turo sa television set sa kanilang sala.

Sumalampak si Andy sa sofa sa tabi ng kanyang kapatid. "Siya nga ba?" May dumating ngang TV crew sa presinto kanina, pero si Hepe ang in-interview ng mga iyon. "Niloloko mo yata ako."

Namula ang binatilyo. "Binanggit ang pangalan mo, 'Te. Siyempre ang ating napakagandang apelyido. At nakita ko rin ang kulot mong buhok sa isang gawi ng camera. Ang bilis nga, eh, pero nakita ko pa din."

"Buhok lang pala ang nakita mo," aniya sabay pabirong hampas dito ng throw pillow.

"Ate, sigurado akong ikaw iyon dahil sino pa ba ang policewoman na may ganyan kakulot na buhok, di ba?" kantyaw nito.

Nagharutan ang magkapatid. Nagkilitian.

"Hoy kayong dalawa, bago kayo magkapikunan kakain na tayo," anang isang matandang boses mula sa kanilang likuran.

"Sandali lang, Mama," aniya habang patuloy na kinikiliti si Enteng. "Tinuturuan ko pa ng leksyon 'tong pilyong batang ito."

"Hay," buntong-hininga ng matanda. "Kung nakikita lang kayo ngayon ng inyong ama, matutuwa iyon."

Natigilan ang magkapatid. Halos walong taon na mula nang pumanaw ang kanilang ama, subalit hindi pa rin naibabaon sa limot ni Eliza Maramot ang kirot sa dibdib. Napaslang ang kanilang ama, isang undercover detective, sa isang drug ambush sa Marikina.

Hanggang ngayon, isa pa ring question mark ang kaso nito dahil hindi pa rin nadadakip ang may sala. Ang suspetya niya, isang maruming pulis ang nagtiktik sa mga drug lord ng operasyon na pinamumunuan ng nasirang si Gerry Maramot.

Walang gustong tumestigo kaya sinara ang kaso.

Tumayo si Andy mula sa silya at niyakap ang ina. "Nanay, isang ngiti naman diyan. I'm sure nakikita tayo ngayon ng Itay at hindi niya gustong makitang malungkot kayo."

Naramdaman niya ang pamilyar na emosyon ng galit, awa at panghihinayang sa kanyang dibdib. Nang inilibing nila ang kanyang ama, binigyan sila ng pabuya at award ng *PNP* sa ngalan nito. Isa raw tunay na bayani si Lt. Gerry Maramot. Ngunit hindi naibsan ng anumang halaga o parangal ang pagkawala ng kanyang ama. Ang bukod tanging nais nila ay mabigyan ng hustisya ang pagkamatay nito.

At ito mismo ang pangunahing dahilan kung bakit pumasok si Andy sa *PNP*, sa kabila ng pagtutol ng ina. Gusto niya muling buksan ang kaso at hanapin ang tunay na may sala sa pagkamatay ng ama. Bukod pa dito, gusto niyang ipagpatuloy ang magandang misyon ni Gerry Maramot—ang panindigan ang mga nakasulat sa batas para sa ikauunlad ng bayan, tumulong sa kapwa at bigyan ng katarungan ang mga naaapi.

Tumayo si Enteng mula sa silya at nakisalo sa kanilang yakapan.

"Tama na nga ang drama natin," pabirong sabi ni Eliza. "Marami na akong nakitang ganito sa eskwelahan kanina."

Natawa ang magkapatid. Isang prinsipal ang kanilang nanay sa *Addition Hills Public School* sa Mandaluyong. At tuwing umuuwi ito, hindi ito nawawalan ng kuwento tungkol sa mga nag-aaway na estudyante o teachers.

"Bakit, 'Nay, may nagsabunutan na naman ba?" tanong niya.

"Wala, anak. Tinusok lang naman ng pilyong si Berto ng barbecue stick ang kaaway nitong si Jomer. 'Ayun, napasugod tuloy ang magulang ng huli sa opisina ko. Galit na galit."

"Ang ganda talaga ng trabaho n'yo, Nanay. Para kang nanonood ng telenovela pero live," hirit ni Enteng.

"Gan'yan talaga dahil public school," aniya. "Kaya ikaw, bata ka, pagbutihin mo ang pag-aaral sa *Don Bosco* dahil hirap kami ni Nanay sa tuition fee mo."

Napakamot ang binatilyo sa kanyang ulo. "Ako na naman ang napagdiskitahan mo, Ate."

“O siya, siya, tara nang maghapunan,” pagtatapos ni Eliza.

---

Pumasok si Andy sa presinto kinabukasan, suot ang kanyang uniporme. Tuwing natatapos ang kanyang mga undercover assignments, pumupunta siya sa opisina para asikasuhin ang isang tambak na paperwork.

Kung siya ang papipiliin, mas gusto niyang nakadestino sa labas, suot ang damit-sibilyan. Hindi rin kasi siya komportable na suot ang pencil-cut skirt, na regulasyon sa mga policewomen. Hindi dahil puro peklat ang kanyang magandang binti, kundi dahil hindi siya tinatantanan ng kantyaw ng kanyang mga kasama. Mabibilang sa isang kamay ang policewoman sa kanilang division.

Dumerecho siya sa locker area. Ngunit bago siya makalayo, tinawag siya ni SPO1 Rodriguez na nakadistino sa blotter area o ang version ng front desk ng isang presinto.

“Sarhento Maramot, pinapupunta ho kayo ni Hepe sa opisina niya,” anito.

Natigilan si Andy. Ano kaya ang kailangan ng kanyang boss? May bago kaya itong assignment na

ibibigay sa kanya?

“Salamat,” sagot niya rito.

Ibinaba muna niya ang mga gamit sa maliit na ladies’ lounge bago tuluyang nagpunta sa opisina ng hepe sa gawing likuran ng headquarters.

Marahan siyang kumatok sa pintuan. “Sir, si Andy po ito reporting for duty.”

“Sige, Maramot, pumasok ka na’t bukas ang pinto,” sagot ng malalim nitong tinig mula sa silid.

Sa tono nito, alam niyang seryoso ang kanilang pag-uusapan. At dahil ang ginamit nito ay ang kanyang apelyido, alam na rin niyang may third-party sa loob ng opisina.

Dahan-dahan niyang binuksan ang pinto. Nakangiti siya, handang makita ang pamilyar na mukha ng hepe, na kaibigan ng nasira niyang ama. Ngunit biglang nanlaki ang kanyang mga mata at napaawang ang bibig. Kung hindi siya nakahawak sa seradura, malamang ay tuluyan na siyang hinimatay.

Nakaupo sa visitor’s chair ang dalawang lalaki. Ngunit ang nakaagaw ng kanyang pansin ay ang nasa kaliwa. Kilalang-kilala niya ito dahil palagi niya itong tinititigan sa larawan. Iyon ay walang iba

kundi ang kanyang idolo, si Gabby Monreal.

*Nanaginip ba ako?* Napakurap si Andy ngunit nang idilat niya ang kanyang mga mata, hindi naman nawala ang mukha nito. Nakasimangot pa ito sa kanya. *Ano'ng ginawa kong kasalanan?*

Isinara niya ang pinto. Her morning greeting got stuck somewhere in her throat. It was not everyday one would get to see her idol up close and personal. Ngunit bago pa siya makapagsalita para ipakilala ang sarili, nauna na ito.

"Siya si Andy? Isang babae ang ia-assign n'yo sa akin para maging undercover bodyguard?" ani Gabby, ang tono ay nanunuya at hindi makapaniwala. Naningkit ang mga mata nito at kulang na lang ay irapan siya.

"Mr. Monreal, Sergeant Maramot is one of the finest police officers in our division," paliwanag ni Hepe Ramon Esqueta.

Matalas siyang tiningnan ni Gabby mula ulo hanggang paa, na para bang isang bacterium sa ilalim ng microscope. Gustong matunaw ni Andy sa kahihiyan. Isa siyang matapang na babae, hindi paa-under kanino man. Pero nakakaparalisa ang tingin na iginawad sa kanya ng movie star.

"I don't care if she's the finest. She's still a woman. And how can she possibly protect me from the death threats I've been receiving? With all due respect, Sir, pero mas malaki pa ho ang kaha ko sa kanya. Maybe I'm the one who'll end up protecting her," he said arrogantly.

Nagpanting ang mga tainga ni Andy. Kulang na lang ay lumabas ang usok mula roon. Movie star or not, walang karapatan ang hinayupak na ito na alipustain siya nang ganoon. Kung magsalita ito, para bang wala siya sa loob ng kuwarto na iyon. Tagos hanggang buto ang pang-iinsulto nito.

*How dare you, you male chauvinist pig!* sigaw niya sa isipan.

Nang hindi namamalayan, naiiling niya ang ulo. Kung alam lang niya na ganito kaarogante at kaantipatiko si Gabby Monreal, hindi sana siya nag-aksaya ng pera para panoorin ang mga pelikula nito. Ngunit bago pa niya mabuksan ang bibig para tarayan ito, nagsalita muli ang hepe.

"Andy is small but terrible. Don't let her petite frame fool you," anito kay Gabby, ngunit ang mga mata nito ay nakatitig kay Andy.

Nabasa niya ang babala sa mga mata ng kanyang

boss kung kaya pinreno niya ang maaanghang na salita na gustong kumawala mula sa kanyang nagliliyab na bibig. She would like nothing more than to slap him and put him in his place. Ngunit wala siyang magawa kundi isara nang marahan ang pinto at tumayo sa isang tabi na para bang rebulto na walang nararamdaman.

"At si Andy talaga ang nararapat para sa trabahong ito. Ang kailangan natin ay isang bubuntot sa iyo na hindi halatang bodyguard, para mahuli natin ang mga nagtatangka sa buhay mo," dagdag na paliwanag ng hepe. "She can pose as your girlfriend."

*You wish, buster!* hiyaw ng isipan ni Sgt. Maramot laban sa aroganteng matinee idol.

Kulang na lang ay lumipad siya sa lakas ng hangin nito. Talo pa nitong pumalo ang malakas na hampas ng hanging habagat. Maaaksaya lang ang pera ng mga mamamayang nagbabayad ng buwis para sa lalaking ito. Hindi bodyguard service ang *PNP*, subalit wala siyang magagawa kung ito ang iuutos ng kanyang boss.

"At sino'ng maniniwala na girlfriend ko iyan?" tanong ni Gabby na para bang diring-diri sa hitsura niya.

If she had been any other girl, malamang naiyak na siya sa kataklesahan ng binata. But then, she was not the typical girl and she could easily keep her emotions under wraps. Buti na lang malakas ang paniniwala niya sa sarili at hindi siya nangangatog sa mga panlalait nito. Ibang klase pala talaga ang sama ng ugali ng kumag sa harapan niya. Gusto niya itong batukan at nang humambalos ang ulo nito sa mesa. Baka sakaling matauhan.

Natawa siya sa kanyang naisip.

Masama ang titig na ibinigay ni Gabby sa kanya nang makita nitong pangisi-ngisi siya. Ngunit bago ito makahirit, nagsalita ang lalaking nakaupo sa visitor's chair sa harap ng artista. May kabilugan ito at medyo napapanot na ang puting buhok. The way he spoke commanded respect kahit na halata sa kilos at boses nito, pati na rin sa suot nitong matingkad na Hawaiian shirt, na isa itong binabae.

"Gabs, stop it, okay? I know you're just worried about your life kaya ka nagkakaganyan," paalala ni James Ricafort sa talent nito. Pagkatapos ay ibinaling nito ang atensyon kay Andy. "Pasensya ka na, Miss. hindi naman talaga ganito ang alaga ko. I'm James by the way, his manager. Sorry talaga ha, pero Gabs is just under a lot of stress right now. No offense ha.

He's really not an a*shole."

*Yeah, right*, nagrerebeldeng sigaw ng utak niya. Pero siyempre, hindi puwdeng ipahalata sa harap ng superior niya ang lalim ng kanyang galit kaya ang isinagot niya ay, "Well taken, Sir."

Si Gabby naman ay nandilat ang mga mata sa sinabi ng kanyang manager, ngunit hindi ito nagsalita. Mababakas sa hitsura nito ang respeto para sa matandang lalaki na siyang naka-discover dito at tumulong magpaunlad ng career. Natauhan kaya ito sa prangkang sinabi ng manager?

Malamang hindi, ngitngit na sagot ng walang prenong utak ni Andy. After seeing the real Gabby in action and not just the reel one, nakakasiguro siyang hindi ang tipo nito ang aamin ng pagkakamali.

"Napakaimportante siguro ng alaga n'yo, ano ho, Mr. James? Ano po ba'ng trabaho niya't may nagtatangka sa buhay niya?" she asked the manager ever so sweetly.

Biglang lumipad ang mga mata ni Gabby papunta sa kanya. Halatang na-shock ito sa sinabi niya. Gusto niyang maglulundag sa saya dahil naiganti niya ang sarili. Nabasa niya ang galit sa mga mata nito when she pretended not to know him. *Buti nga sa iyo,*

*mayabang ka.*

“Hija, hindi ka ba nanonood ng TV o sine? Si Gabby lang naman ang pinakasikat ngayon. One of the hottest stars today, ’ika nga,” the manager proudly stated habang inaayos ang maputi nitong buhok.

Nagmaang-maangan si Andy. “Pasensya na po kayo, ha,” aniya kahit walang hibla ng panghihinayang sa kanyang dibdib. “Pero dahil sa trabaho ko, wala po akong panahon sa mga ganyang bagay. Buhay po ang nakasalalay sa mga kamay naming pulis. I have to save my energy on matters that really count,” patama niya.

Natawa nang malakas ang bading. “I like your spunk!”

Si Gabby naman ay nagngitngit lalo sa inis. He obviously understood her underhanded backlash. “Tito James, spunky or not, what the chief is proposing will not work. Walang maniniwala na girlfriend ko iyang babaeng ’yan. And will you please take a good look at her? She’s so not my type.”

Andy wanted to flinch but she did not want to give him the satisfaction of seeing her squirm. Alam niya, mula sa mga binabasang magazine, ang mga

tipong babae ni Gabby: a woman with long silky hair, nag-uumapaw sa appeal (meaning malaki ang boobs) at super sexy (o iyong tipong isang dangkal lang ang baywang).

She obviously did not fit the bill, but she did not need Gabby to brutally tell her that. Nakikita naman niya sa salamin ang mukha niya araw-araw at alam niya ang kanyang hitsura. Hindi siya nag-uumapaw sa alindog, pero hindi rin naman siya pangit.

But she was smart. At ang character na ito ay hindi kasama sa mga idine-date ni Gabby. Lahat yata ng nali-link dito ay bimbo o iyong mga walang laman sa pagitan ng mga tainga. She somewhat felt vindicated by the thought.

Tumayo si James at inikutan si Andy habang hinihimas ang sariling panga. "She's got potential. Very nice sunkissed skin. Expressive eyes with long lashes. We just really need to do something about the hair, thick glasses, and of course, the outfit. You know, hija, you can be a knockout if you tried."

Nagulat si Andy sa sinabi ng matanda. Sapagkat lumaki siya sa anino ng kanyang ama, dahil nga natagalan bago dumating ang kanilang junior, she learned not to put too much emphasis on her physical appearance. Hindi siya sigurado if James was really

sincere or he was merely being nice to her because of Gabby's attitude.

Natameme si Andy at hindi alam kung ano ang isasagot. For the first time since she entered the room, nagpasalamat siya sa anino ni Gabby dahil inagaw muli ng mayabang na superstar ang eksena.

Ipinaraan ng binata ang kanang kamay sa buhok. Bakas ang iritasyon sa mukha nito. "Wala na ba talagang ibang paraan?" singhal nito.

"Not unless you want to be an easy target, Mr. Monreal," buong kaseryosohang tugon ni Hepe.

*That's fine by me*, anang utak ni Andy. Ngunit ang puso naman niya ay nakikieksena rin, sayang naman kung mauuwi lang sa wala ang macho guwapitong tulad ni Gabby. Iniling niya ang kanyang ulo para mapuksa ang mga ideyang naglalaban sa kanyang kalooban.

"See, huwag nang matigas ang ulo mo," ani James kay Gabby na para bang isang amang nagagalit sa anak. "Remember, when I found you working in *McDonald's*, binigyan ka rin namin ng image overhaul."

Napaismid si Andy sa sinabi ni James.

Gabby turned red in embarrassment at what his manager said. Pero hindi na siya nagsalita at itinango na lamang ang ulo. Payag na ito sa proposal ng Chief of Police ng Mandaluyong Division. Wala naman itong magagawa kahit ano pang pag-aalborotong gawin ng lalaki.

Ang totoo, nahihiya si Gabby sa policewoman. Hindi naman talaga mainit ang dugo nito kay Andy. Napagbalingan lang nito ng inis ang babae, being the easiest target of his irritation, nang malaman na kailangan nito ng round the clock security. He hated having to give up his freedom. Gustuhin man nitong humingi ng paumanhin sa babae, wala itong magagawa. Kung nakakamatay lang ang tingin, kanina pa ito nailibing sa talas ng titig ni Andy rito. At aminado ang lalaki, this was all his fault.

Hinarap naman ni James ang policewoman. "Huwag ka mag-alala, Ms. Maramot, you'll be in very good hands. My boyfriend, Ronnie, is a stylist. By the end of this day, you'll look like a diva fit for the arms of our boy wonder here."

Napalunok si Andy sa mga sinabi ni James. Ano ba itong napasok niyang assignment? Bukod sa sobrang antipatiko ng kanyang ex-idol, kailangan pa niyang baguhin ang kanyang pisikal na anyo para

lang protektahan ito. Para sa kanya, kalabisan na ito.

Napakamot siya ng ulo. Ito na marahil ang magiging pinakamahirap niyang undercover assignment sa tanang buhay niya.

# 3

Ala una ng hapon. Iyon ang sabi ng relos ni Andrea. Nasa harap siya ngayon ng gate ng isang magarang bahay sa West Greenhills. Marahan niyang pinindot ang doorbell ng bahay nina James at Ronnie. Dito raw gagawin ang kanyang makeover.

Naghintay siya nang may limang minuto bago muling ginalaw ang doorbell. Isa yatang masamang pangitain ang mabagal na pagsagot ng pinto. Kung hindi lang dahil obligasyon niyang pumasok sa loob, kanina pa siya nag-about-face para bumalik sa kanilang bahay.

Binuksan ng isang nakaunipormeng maid ang gate. "Pasensya na po kung natagalan, Ma'am. Ano pong kailangan nila?"

Ipinakita ni Andy ang kanyang ID. "Ako po si Sarhento Andy Maramot. May appointment ako kay James."

Sinamahan siya ng kasambahay na nagpakilalang 'Inday' sa isang silyang gawa sa rattan na nakaharap sa swimming pool. Pagkatapos, iniwan siya nito para tawagin ang mga amo. Nakakahalina ang bughaw

na tubig kaya parang gusto tuloy tumalon ni Andy at lumangoy, nang mahimasmasan ang mainit niyang katawan.

Tumayo siya mula sa pagkakaupo at nagpalakad-lakad sa azotea habang iniisip ang mga nangyari kanina.

Hindi muna siya pinasama ni Hepe pag-alis nina James at Gabby sa presinto. Nangako naman ang dalawa na mananahimik sa bahay ni James habang hinihintay malibre si Andy. Ipinaliwanag muna ni Hepe ang mga detalye ng kasong iyon sa kanya.

She did not realize kung gaano kaseryoso ang tangka sa buhay ni Gabby. Apparently, mga apat na buwan na itong nakakatanggap ng threatening messages. Hindi lang nito sineryoso ang mga mensahe sa pag-aakalang isang nahihibang na fan lang ang may padala niyon. Wala naman kasing mortal na kaaway si Gabby or psychotic ex-girlfriends. At wala rin itong alam na atraso sa ibang tao.

Ngunit noong isang gabi, nakapasok ang perpetrator sa condo nito sa may Wack-Wack at nilagyan ng lason ang pagkain ng binata. Kundi pa ito naunahan ng alagang tuta sa hapunan, malamang si Gabby ang natuluyan. Walang maiturong suspect dahil wala naman itong maid at wala ring nakuhang

mga imahe ang security cameras ng condo nito.

Matapos ang briefing niya kay Hepe, nagtungo si Andy sa *Addition Hills School* para magpaalam sa kanyang ina, dahil mamamalagi siya sa condo ng aroganteng artista hanggang maresolba ang kaso. Nalungkot nang bahagya ang kanyang ina pero nasanay na rin naman ito na nawawala siya nang panandalian tuwing may undercover assignment.

Kung siya lang ang papipiliin, she would not really want to be around Gabby all day and night. Sa yabang nito, hindi magiging kawalan kung maglaho ang movie star sa mundong ibabaw.

Isang pamilyar na boses ang gumambala sa kanyang pag-iisip. "So you're here," ani Gabby na nakasimangot ang mukha sa kanya.

Andrea stopped pacing the room and turned to face the annoying voice. Ano nga ba ang nakita niya sa kumag na ito? Namula siya sa kahihiyan dahil sa masamang ideyang naglalaro sa kanyang utak. Laking pasalamat niya na hindi psychic itong mayabang na binata, dahil kung nagkataon giyera patani sila kung kaya nitong basahin ang kanyang isipan.

"You know, I was stuck the entire morning in

this house dahil hindi ka nakasama sa amin agad," akusa nito.

Like a rubberband that had been stretched beyond its limit, biglang napatid ang pasensya ni Andy. Wala na sila ngayon sa mapanuring mata ni Hepe. She was free to be herself. Patutunayan niya sa hinayupak na ito na hindi siya natatakot pumalag sa mga nakakairita nitong parinig.

"Eh, nahihibang ka pala! Akala ko ba ayaw mo sa akin dahil I'm a mere woman? 'Tapos ngayon, magagalit ka na hindi n'yo ako kasama. Ikaw yata ang babae. You're so damn fickle-minded. Talo mo pa ang ihip ng hangin sa pagpapalit ng direksyon," asik niya sa movie star.

Nanlisik ang mga mata ni Gabby. And with three giant steps, he crossed the distance between them. Ipinatong nito ang mga kamay sa balikat ni Andy at padaskol siyang hinapit papalapit.

Hindi maiiwasan, nadama ni Andy ang init ng katawan ng binata. Nang ilapat nito ang kamay sa kanyang balikat, parang may kung anong kuryente ang dumaloy sa kanyang buong katawan. That close to him, she could almost see the pores on his face and hear the beating of his heart. Ano ang plano nitong gawin—hit her or kiss her?

Her heart secretly hoped it was the latter. Kikiligin na sana siya sa kanilang posisyon, subalit nangibabaw ang galit at matinong kaisipan niya. Nakakasiguro siyang sa galit nito sa kanya, Gabby would not have any qualms hitting her. Not that she would ever allow that to happen. Subalit hindi na niya hihintayin pa kung ano ang mangyayari. Agad siyang natauhan mula sa panandaliang kahibangan at marahas itinulak papalayo ang idolo ng bayan.

“Don’t you dare handle me roughly ever. Mark my words, do that again at ako mismo ang babaril sa ’yo nang matauhan ka,” babala niya rito. Humugot siya ng hininga para pakalmahin ang sarili at inalala na siya ay na sa trabaho.

“You pushed me,” anito na para bang hindi makapaniwala. Was that a glimmer of hurt in his eyes? Imposible!

“It’s what you deserve,” matigas niyang sagot kahit na ang puso niya ay nakadama ng kaunting kirot sa sinabi nito. “And besides, hindi ko kasalanan kung napreso ka sa bahay na ito. Remember, Sir, I don’t answer to you. I answer to my chief first and foremost at ang gusto niya ang masusunod.”

“Nag-aaway na naman kayong dalawa,” ani James na hindi man lang nila namalayan na dumating

sa veranda. Kasama nito ang isang may-edad na lalaki, na malamang ay si Ronnie. “Remember, you have to make this believable para mahuli ang nagtatangka sa iyo, Gabs. You are supposed to be in love. Kayong mga bata talaga,” anito na iniiling-iling pa ang ulo.

“Me, in love with someone like her? Not a chance,” sagot nito.

Muling kumulo ang dugo ni Andy. His voice was really grating on her nerves and it took all her self-control not to punch him in the face. Was it that impossible to fall in love with her? Ganoon ba siya talaga kasuklam-suklam?

Lalo namang hindi siya mai-in love sa hambog na ito!

Hindi niya mapigilan ang patulan si Gabby. “Magiging madali para sa iyo ang umarteng in love. Artista ka, sabi nila. Ang tanong lang ay kung credible ba ang acting mo. Malamang hindi, because I don’t even know who you are. Sikat ka nga ba talaga?” panunuya niya.

Napuno ng masayang tawanan nina Ronnie at James ang paligid. “You’re right, darling,” ani Ronnie sa katabi, “she’s spunky.”

Tinapik ni James ang balikat ni Gabby. "Anak, kung mang-aasar ka lang, go to the entertainment room and watch some movies. Or read a book like you always do to while the time away. We're going to be very busy here with Andy."

Hindi makapaniwala si Andy sa narinig. Mahilig pa lang magbasa ang kumag. Mukha kasing hindi sa hitsura nito. Alam niyang she was being judgmental, but she did not care. Not after what he did to her. Batid niyang nangingibabaw ang kanyang galit, kaya naiisip niya ang mga ganoong bagay. She was normally not the type to think ill of anyone, lalo na iyong mga hindi niya lubos na kilala.

Pinutol ng kalmadong boses ni Gabby ang kanyang pagmumuni-muni. "Fine, I'll be in the study." Tumango lang ito sa dalawang lalaki at ni hindi man lang siya muling tiningnan bago tuluyang pumasok sa loob ng bahay. Pakiwari ni Andy, isa siyang walang kuwentang muwebles.

When he was out of earshot, nagsalita si James. "Pasensya ka na talaga, Sergeant. Mabait na bata naman talaga iyang si Gabby. Maniwala ka sa akin, parang anak ko na iyan. He's been really on the tips of his toes because of the death threats. Hindi siya sanay na binabakuran at pinakikialaman ang

kanyang schedule. He likes his freedom too much.”

“To be frank, wala po akong pakialam kung mainit ang dugo niya sa akin o hindi. Basta nandito po ako para gampanan ang aking tungkulin. Nangangako ako na hahanapin natin ang mastermind ng death threats. At hindi rin po ako papayag na masaktan ang alaga n’yo while I’m around,” aniya.

Nagkatitigan ang magnobyo at sabay ngumiti. Kinuha ni Ronnie ang kanyang braso at iginiya siya sa loob ng bahay patungong powder room. “Well, para maging kapani-paniwala ang undercover assignment mo na ito, you need a makeover. At ako ang bahala sa iyo. Papagandahin kita.”

Biglang bumilis ang kalabog ng puso ni Andrea. Tila may mga nagkakarerang kabayo sa loob ng kanyang dibdib. Hindi niya maintindihan kung bakit siya nininerbyos sa gagawing overhaul ng kanyang hitsura. She was faced with gunfire before and she never had this kind of fear.

Iniupo siya ni Ronnie sa isang plush leather chair. It was the biggest most extravagant powder room that Andy had ever seen in her life. Iba nga talaga ang buhay-mayaman. Ang silid ay parang mini-parlor na may checkered black and white tiles. Ang isang buong dingding ay gawa ng salamin.

Looking at her reflection, Andy suddenly felt self-conscious. She was not the parlor-spa kind of girl. Ang pinaka-luxury ng buhay niya ay magbabad sa shower. Ano kaya ang gagawin sa kanya ng dalawang ito? Biglang nagsitayuan lahat ng mga balahibo niya sa katawan.

"Ano po ba ang gagawin n'yo?" nininerbyos niyang tanong.

Tiningnan siya ni James. "Don't worry, honey, basta you'll love the end result."

"Ganito na lang," simula ni Ronnie, "itatalikod na lang kita from the mirror para hindi mo makita."

"That's a fabulous idea, love," ani James. "That way, it will be a surprise."

Napalunok si Andy. Wala na siyang magagawa. All for the love of her job, sabi nga. "Sige, kayo'ng bahala. Basta please lang, gusto ko pa ring makilala ang sarili ko when all this is done," alanganin niyang sagot.

"I'm sorry, darling, hindi ko maipapangako iyan," sagot ni Ronnie na ikinabilis lalo ng tibok ng kanyang puso. Nginitian siya nito at pinisil ang kanyang balikat. "Relax. By the time this is done, you will look so damn good hindi mo talaga makikilala

ang sarili mo. And you'll thank me."

"Sige na nga po," aniya sabay tapon ng kamay sa ere. "Basta gandahan ninyo. Dahil kung di ipapakulong ko kayo for defacement of private property," biro niya.

Nagtawanan ang dalawang bading, matapos ay nagsimula silang magtrabaho. Naamoy ni Andy ang mabahong kemikal na ipinapahid nila sa kanyang buhok. Ano kaya ito? Ngunit hindi na siya nag-usisa pa, dahil lalo lang silang matatagalan. Sa halip, pinag-usapan nila ang tungkol sa kanyang buhay. Hindi kasi makapaniwala ang dalawa na ang isang tulad niya ay nagpulis. Ipinaliwanag naman niya ang dahilan kung bakit siya pumasok ng *PNP*.

"So nalutas mo na ba ang kaso ng tatay mo?" ani James na ngayon ay inaayos ang kanyang kilay gamit ang dalawang hibla ng sinulid.

"Aray ko," ani Andy. "Ano po ba kasi iyang ginagawa n'yo? Wala naman pong problema ang kilay ko."

"I'm sorry! Medyo makirot lang ito sa simula but you'll get used to it. It's called threading at ginagawa natin ito para ayusin ang hugis ng kilay mo. Trust me, your beautiful eyes will pop. May contacts ka

ba?" anito.

Tumango si Andy. "Nasa bag ko po."

"Good," ani James. Kinuha nito ang kanyang salamin na ipinatong niya sa mesita at agad itong binali.

"Huwag po," sigaw niya, pero hindi siya makalayo dahil ang kanyang buhok ay hawak-hawak ni Ronnie. Ang tanging nagawa niya sa padalos-dalos na kilos ay saktan ang kanyang anit.

"This is my guarantee that you'll wear your contacts," paliwanag ni James. "Sayang naman itong inaayos ko kung matatabunan lang ng salamin."

Hindi na umimik pa si Andy. Kaya nga ba siya natatakot kanina nang sabihin nilang kailangan niya ng image overhaul. Happy na siya sa kanyang sarili and she certainly did not want to be anyone she was not.

"Oh, hindi mo sinagot ang tanong ko kanina? Nalutas mo ba ang kaso ng tatay mo?" tanong ni James.

"Hindi po," malungkot niyang sagot. "Laging deadend. Tuwing may nahahalungkat akong bagong ebidensya, biglang naglalaho ang paperwork. And I

really shouldn't be surprised, 'cause all along we've known that it's a dirty cop who fed my father to the dogs."

"That's sad," saad ni Ronnie. "Good luck na lang sa iyo, hija. I hope you'll bring your father's killer to justice."

"Sana nga po," aniya.

Makalipas ang apat na oras, pinatayo siya ng dalawa mula sa silya at pinagpalit ng damit na itinabi ng mga ito mula sa wardrobe ng ibang artista na mina-manage ng mga ito. They gave her firm instructions not to look at the mirror. "Dito na po ba ako magbibihis?"

"Yes, darling," ani Ronnie na abalang nililigpit ang mga gamit sa isang higanteng make-up kit.

Nanlaki ang mga mata ni Andy. "Um, alam ko pong bahay ninyo ito, pero hindi man lang po ba kayo lalabas na dalawa?"

Natigilan ang dalawang nakatatandang lalaki na may pusong babae. Lumapit si James sa kanya at pinisil ang kanyang balikat.

"Honey, you don't have to worry about us. We've seen enough of women's naked bodies to last us a

lifetime. And trust us when we say na walang epekto iyon kay Manoy. We only have eyes for each other."

Namula si Andy. "I'm sorry. I didn't mean to offend you." She should have known better. Halata namang Ronnie and James are head-over-heels in love with each other. At ilang beses rin naman niya nakita ang dalawa sa mga magazines. Kaya nga ba walang showbiz reporter na nagtatangkang itsismis si Gabby sa kanyang manager dahil sa matatag na relasyon ng dalawa. They were as solid as a married couple celebrating their golden anniversary.

"Oh no! Hindi kami offended." Si Ronnie ang sumagot. "We're actually flattered that you think we may have a little testosterone in our body."

Nagtawanan silang lahat. Hindi na rin nahiya si Andy na magbihis sa kanilang harapan. Matapos ang ilang minuto, handa na siya. Suot niya ngayon ang isang hotpink spandex tube dress, which never in her wildest dreams she thought she would be caught dead wearing.

"Okay, close your eyes," ani James.

Ipinikit niya ang kanyang mga mata. After the last couple of hours, she trusted them both. Naramdaman niyang may niri-retouch ang dalawa

sa kanyang mukha. Pakiwari niya, inaayos nila ang kanyang damit. Matapos ang ilang nakakabaliw na minuto, inikot ng dalawa ang kanyang katawan para iharap siya sa salamin.

"Open your eyes now," ani Ronnie.

Marahan niyang binuksan ang mga mata. For a few seconds there, she did not see anything other than a bright flash of light. Nasilaw siya dahil hindi pa sanay ang kanyang mga mata sa liwanag. It took a few more seconds bago rumehistro ang imahe sa kanyang harapan. She was flanked by the two older men, whose hands were placed on their hips.

Biglang nahugot lahat ng hangin sa kanyang dibdib nang makita ang sarili niya sa salamin. Could it really be her? She looked like a totally different person. Ang kanyang kulot na buhok ay banat na banat na ngayon. Ginupit nila ang bandang unahan at nilagyan ito ng layers. She had side-swept bangs now that accentuated her heart-shaped face. Her eyes were even more piercing now because they threaded her thick eyebrows. Dahil hindi nila tinantanan ang kanyang kilay, ang mga ito ngayon ay perfectly-shaped arcs na. Nilagyan rin siya ng light makeup at body shimmer sa kanyang balikat. Lutang na lutang ang kanyang golden skin tone.

"See? You're speechless. I told you Ronnie works wonders here," ani James.

"Thanks for the compliment, sweetheart," anito.

Lumunok si Andy para mawala ang bara sa kanyang lalamunan. All her life, she was comfortable enough to be one of the guys. She never realized that she could be this… sexy. Yes, sexy.

Hinawakan niya ang kanyang pisngi. Kung panaginip man ito, ayaw na niyang magising. It was nice to feel pretty. Ngayon lang niya naintindihan ang fixation ng ibang babae sa pag-aayos ng kanilang sarili.

Narinig niyang bumulong si James sa boyfriend nito, "She's in shock. You're that good, hon."

Lalong lumaki ang ngiti sa mukha ni Ronnie.

Totoo nga ang nakikita ni Andy ngayon sa salamin. Hindi siya nananaginip sapagkat dama niya ang gaspang ng kanyang palad sa kanyang pisngi. She was still the same person, in a much, much nicer package.

And the best part was she liked it.

# 4

Papunta sila ngayon sa *Wack-Wack Towers*, ang condo ni Gabby, dahil may nakalimutan ito roon. Kagabi, natulog sila kina James at Ronnie matapos ang kanyang makeover session. Wala namang sinabi ang kumag sa kanyang transpormasyon kaya lalo siyang nagngitngit sa inis.

Kaya ngayon, lulan ng luntiang *Ford Expedition* nito, pareho silang nakaupo sa backseat at hindi nagkikibuan. Tanging musika lamang na pinabuksan ni Gabby sa trusted driver nitong si Badong ang ingay sa ere.

But Andrea had no other choice but to break her silence, kahit na sana ay ayaw niyang pag-aksayahan ng laway ang antipatikong katabi.

"Ako muna ang unang papasok sa loob ng condo just to make sure that the perimeter is safe."

Hindi umimik si Gabby para tumutol. Akala niya, ito ay hudyat na naintindihan siya nito at pakikinggan ang kanyang mungkahi. Ngunit pagdating nila sa harap ng pinto ng unit 15-G, napatunayan niyang tama nga talaga ang kasabihang maraming

namamatay sa maling akala.

Nakipag-unahan si Gabby sa pagpasok sa loob ng apartment. Agad niya itong tinulak papalayo sa abot ng kanyang makakaya. Sa laki nito, hindi lubos maisip ni Andrea kung paano niya nagawang pigilan ito sa pagpasok sa loob.

"Di ba sabi ko sa 'yo, ako muna. I need to check if it's safe," aniya habang ang mga braso ay nakaunat sa pintuan para mabarahan si Gabby.

"Will you just let me in? It's my house," asik nito sa kanya.

She had no other choice but to reach for the gun under her short red spaghetti-strapped dress, na siyempre pa ay pinahiram din nina James at Ronnie, ang bagong dynamic duo ng kanyang buhay. Nanlaki ang mga mata ni Gabby. Ang buong paniniwala ni Andy, dahil iyon sa caliber na kanyang iwinagayway sa harap nito. Lingid sa kanyang kaalaman, ang dahilan kaya halos lumuwa ang mga mata ni Gabby ay nasilayan nito ang hita niya nang kunin niya ang baril sa holster.

"I'll go in first. Wait for me out here and I'll call you if it's okay," utos niya rito, ever the efficient police officer.

"Yes, Ma'am," ani Gabby with a mock salute.

Nagsimula muling kumulo ang inis sa tiyan ni Andy, ngunit pinalampas muna niya ito. Mas gusto niyang asarin siya nito kaysa buntutan siya sa loob. And when she thought things were finally settled, narinig niya ang lumulutang na boses nito sa sala.

"Eh, paano kung dito ako abutan ng masamang loob sa labas? Ano'ng gagawin mo?" patuloy nitong panunuya.

Gustong takpan ni Andy ang kanyang tainga, ngunit hindi niya magawa dahil hawak niya ang kanyang baril, ready to shoot in case there's a violent intruder. *Just shut up*, sigaw ng utak niya.

"All clear," sigaw ni Andy mula sa loob matapos matingnan ang dalawang kuwarto.

"See, wala namang problema," ani Gabby sa tonong naaasar mula sa kanyang likuran. "Na-delay lang tayo."

*One…two…three… hindi ka maaasar*, aniya sa sarili. "Hihintayin na lang kita sa labas ng pintuan," sagot niya. Iniwanan niya ang nakangangang movie star sa gitna ng kuwarto nito. And somehow, knowing that she must be the first woman to turn him down like that, gave her some kind of satisfaction.

Mga isang oras na silang naghihintay sa shooting ng bagong action movie ni Gabby. Komportable itong nakaupo sa isang recliner at nagbabasa ng libro, samantalang si Andy ay abalang minememorya ang kisame sa loob ng maliit na dressing room. Kanina, lahat ng tao ay nagtaas ng kilay nang kapit-kamay silang dumating sa taping. Marahil nagtataka ang mga ito kung sino siya, ngunit diyahe namang mag-usisa.

Hindi mapigilan ni Andy ang mapabuntong-hininga. This has got to be one of the most boring assignments she had ever. Kanina pa niya pinipilit okupahin ang sarili, ngunit wala naman siyang magawa maliban sa suriin ang loob ng maliit na kuwarto. Kung alam lang niyang mabuburo sila sa loob ng silid, nagdala na rin siya ng sariling libro.

Tuminag si Gabby mula sa binabasa nang maulinigan ang buntong-hininga niya. “Look, I’m sorry I forgot to warn you. Nakakabato talaga ang taping. Kung hindi ako nakasalang sa kamera, all I do is wait. Unlike what many people think, hindi ganoon kaglamoroso ang buhay-artista.”

Napanganga si Andy. Hindi niya inaasahang lumabas ang isang paumanhin sa bibig ng binata.

It was totally out of character. Ewan niya kung ano ang isasagot dito, kaya laking pasalamat niya that he saved her from talking.

May kinuha ito sa loob ng bag at iniabot sa kanya. "Here, why don't you read this magazine to while the time away."

Kinuha niya ang magazine. He might not be a total jerk after all.

"Salamat," nahihiya niyang tugon. After what transpired between them, this sudden act of kindness from Gabby threw her completely off balance.

Inabala ni Andrea ang sarili sa pagbabasa ng Hollywood entertainment magazine. Kung titingnan, aakalain ninuman na seryosong-seryoso siya sa kanyang binabasa. Pero ang totoo, wala siyang maintindihan dahil gulong-gulo ang isipan niya sa mga nangyayari. She did not want to dare look at Gabby because he might read his effect on her and she certainly did not want that to happen. Kapag nagkataon, malaki ang magiging alas nito sa kanya.

Matapos ang sampung minuto na pakiwari niya ay sampung taon, may pumasok na P.A. or production assistant sa loob ng kuwarto. "Sir, magte-take na po kayo."

“Okay, Simeon,” anito. Tumayo ito at naglakad patungo ng pinto. Kapagdaka ay tumingin ito sa kanya at sinabi, “Let’s go, honey.”

Napapitlag si Andy sa silyang inuupuan nang marinig niya ang tinawag nito sa kanya. Kikiligin na sana siya sa term of endearment, ngunit naalala niyang isang palabas lamang ang lahat sa larangan ng kaligtasan nito. Hindi niya mawari kung bakit nangibabaw ang kalungkutan sa kanyang dibdib. Pilit niya iyong pinigilan at sa halip, ibinuhos ang lahat ng kanyang atensyon sa misyong protektahan si Gabby. Let the games begin.

---

Matapos manmanan ang paligid, naupo si Andy sa isang monoblock chair sa ilalim ng isang punongkahoy. Kinukuhanan ngayon ang isang outdoor sequence sa loob ng bakuran ng isang lumang bahay kaya limitado ang mga usisero. Panatag ang kanyang loob na walang ibang naroon maliban sa production staff.

Katabi niya ngayon ang makeup artist, si Frachesca, na ang totoong pangalan ay Francis.

“Alam mo, ikaw ang unang babae na dinala ni Gabby sa shooting. And I should know dahil ako

palagi ang naka-assign sa kanya simula pa nang magsimula siya sa industriya. Kaibigan ko kasi si Ronnie, eh.”

Hindi makapaniwala si Andy sa narinig. If this whole set-up had not been a charade, she would be flattered by that piece of information. “Really now? I find that hard to believe. I know na chickboy si Gabs. I wasn’t born yesterday,” birong pahayag niya.

Tinapik ni Chesca ang kanyang braso. “Truly, darling. I have a feeling na seryoso siya sa iyo.”

“I hope you’re right,” piyok niya. Hindi maintindihan ni Andy kung bakit ba isang parte ng kanyang puso ay sinisigaw na sana nga ay magdilang-anghel si Chesca. Nahihibang na siguro siya. Pinunasan niya ang namumuong pawis sa kanyang noo. “I didn’t realize that this acting business is tough work. Akala ko, all they had to do is be pretty in front of the camera.”

Natawa nang malakas si Franchesca.

“Quiet on the set please!” asik ng direktor na matalas ang tingin sa direksyon nilang dalawa.

Inilapit ni Chesca ang monoblock chair nito sa upuan niya para magkarinigan sila nang husto kahit mahina ang kanilang mga boses.

"Hindi ka nga talaga pamilyar sa mundo ng showbiz," bulong nito sa kanya. "Mahirap magmemorya ng mga dialogue at i-internalize ang mga bagay. Si Gabby, nakita mo naman kung gaano siya katagal nakaupo sa makeup chair, di ba?"

Tumango si Andy. Impressed nga siya kay Gabby dahil hindi ito umaangal kahit na kay tagal nakaupo sa silya. Kung siya iyon, umikot na ang puwit niya sa inip dahil para siyang kiti-kiti.

"Imagine, kung female actress iyon, double the time on the makeup chair," patuloy nitong sabi.

Napalunok siya. Buti na lang pala, hindi siya artista.

"At iyan si Gabby, laging professional iyan. Maaga pa nga siya dumarating kaysa sa call time, di tulad ng iba na always late. And to think he's a bigger star than many of them."

Parang kiniliti ang puso niya sa sinabi nito. Considerate pala itong si Gabby. Higit sa lahat, pareho pala silang may respeto sa oras. Iyon din kasi ang bagay na ayaw niya sa kaugaliang Pinoy, ang Filipino Time.

"Mabait talaga iyan," kuwento nito. "Nakikikain iyan kasama ng crew di tulad ng iba, feeling masyado.

Para bang they're too good to mingle with the rest of us working behind the scenes. Kaya ingatan mo iyang kaibigan ko, ha."

Nagulat si Andy sa sinabi nito. Nakakasiguro siyang hindi nito alam na undercover agent siya. "Uh…Ano'ng ibig mong sabihin?"

Pabiro siyang tinapik nito sa braso. "Ikaw naman, nagpapapresyo ka pa. What I mean is, take care of his heart."

Napanganga ang bibig niya. "I'm just Gabby's friend."

Nagtaas ng kilay si Cheska at natawa. "First time lang talaga nagdala si Gabs ng potential gf niya sa set. You must be really special."

Kibit lamang ng balikat ang isinagot niya rito. Sa utak ni Andrea, she could not help but be puzzled by Gabby's attitude. Sa kuwento ni Chesca sa kanya, talagang napakabait nitong tao. Kita rin naman niya iyon sa pakikitungo at respeto ng crew kay Gabby. Sa kanya lang yata bukod tanging mainit ang dugo nito.

"I think I bring out the worst in him," aniya habang tinititigan si Gabby na abala sa isang eksena.

"I'm sorry hindi ko narinig, ano'ng ang s'abi mo?" tanong ni Chesca.

Naguluhan si Andy sa tanong nito. Ni hindi man lang niya namalayan na sinabi pala niya nang malakas ang mga bagay sa kanyang isipan. Hindi niya talaga masisi si Gabby if her presence reminded him of the worst thing that must be happening in his life. Right then and there, she promised herself that she would loosen up a bit when she was around him. Hindi na niya pepersonalin lahat ng mga sinasabi nito.

"Ang sabi ko, sana matapos na ang sequence dahil medyo gutom na ako," palusot niya. Nakatingin siya kay Gabby habang sinasabi ang mga iyon. Looking at him like that in all his glory, she knew what she was hungry for and it was not food.

---

Kinagabihan, pag-uwi nila sa condo, dumerecho si Gabby sa loob ng banyo. Medyo late na rin silang nakauwi kaya naintindihan ni Andy kung bakit gusto na nitong magpahinga. Kumain na naman sila sa set at habang naghahapunan sila, dumaan saglit si James para kamustahin ang alaga nito. Natuwa naman ito sa balitang walang masamang nangyari sa araw nilang iyon.

Matapos uminom ng tubig sa kusina, pinatay ni Andy ang ilaw at dumerecho sa isang kuwarto. Bago niya tuluyang mabuksan ang pinto, nagulat siya nang may nagsalita sa gawing likuran niya. Halos mapalundag si Andy sa gulat.

"Good night," ani Gabby na hindi niya namalayang nakaupo sa sofa. Ang tanging liwanag lamang ay anino ng buwan mula sa bintana.

Hinarap niya si Gabby at tiningnan ito. Ngunit hindi niya masyadong masipat ang mukha nito dahil madilim.

"I'm so—"

"Please I did—"

Sabay silang nagsalita. At pareho rin silang natigilan sa sabay na pagbukas ng kanilang mga bibig. Silence was mounting between them. At parang nakakabingi na nga ito.

"Sige, ikaw na ang mauna," aniya.

"Ikaw na lang. Ladies first, di ba?"

And that did it. Para siyang fireworks na sumabog sa galit sa panunuya nito. Gusto sana niyang makipag-ayos sa binata, pero tuwing bubuksan nito ang bibig, kung anong hindi maganda ang lumalabas doon. He

was just rubbing her the wrong way. Kung pupuwede lang, patatahimikin niya ito nang panghabambuhay. After all, her gun was burning a hole in her right thigh. Nakaka-tempt talaga.

"Alam kong mainit ang dugo mo sa akin. Huwag kang mag-alala, quits lang tayo. Hindi rin kita gusto," mariin niyang pahayag. "Pero nangangako akong gagampanan ang trabahong sinumpaan ko. The least you can do is make it easy for me to save your life. So please lang, tigilan mo na ang pang-aasar sa akin at sa kakayahan ko."

Hindi na niya inintay pang sumagot si Gabby. Agad siyang pumasok sa loob ng guestroom at sinara ang pintuan sa gulat na mukha ng movie idol.

# 5

Mga dalawang linggo nang nakatoka si Andy kay Gabby, ngunit wala pa ring nangyayari sa kaso. Wala silang panibagong leads dahil hindi nagpaparamdam ang baliw na may pakana ng death treats, maliban sa isang walang kwentang text message na untraceable.

Frustrated na silang lahat. Si Gabby mismo ay gusto nang ipain ang sarili para mabilis maresolbahan ang kaso. Atat na itong bumalik sa normal na pamumuhay. Andy could not blame him for feeling this way. Truth be told, na hindi naman niya aaminin kahit kanino, she actually felt really bad for him. But up until someone would make a move, and messed up along the way, mahihirapan siyang madakip ang may sala.

Naalala niya ang sinabi ni James, “Hindi kaya alam ng mga Herodes na undercover agent ka kaya hindi sila kumikibo?”

“We can’t discount that,” sagot niya.“Either way, mabuti na rin itong nakadikit ako sa alaga ninyo para walang masamang mangyari.”

Kaya heto ngayon, nakadikit nga siya sa kili-

kili ni Gabby. Tila buntot o anino kahit saan man ito magpunta. Naging routine na nila na pumunta sa shooting ng pelikula nito o TV show, umuwi ng bahay, at panaka-nakang lumabas kasama sina James at Ronnie. Pati nga ang press ay na-pick-up na ang anggulo tungkol sa kanya. Laking pasalamat lang niya na madali lang para kay Gabby na takpan siya gamit ang matipuno nitong balikat, laban sa mapanuring mata ng kamera.

Pinatay ni Andy ang ilaw at ipinatong ang binabasang *YES! Magazine* sa ibabaw ng mesita. Isang malabong candid snapshot niya, katabi si Gabby, ang naka-print sa isang pahina niyon. Nakapaskil sa ibabaw ng kanyang dibdib ang isang malaking question mark. Anang mga reporters, sino raw ang misteryosong babaeng iyon sa buhay ni Gabby?

Ipinikit ni Andrea ang mga mata at ang kasagutan ay pumasok sa kanyang isip. Wala. Wala talaga. She did not mean anything to him other than an annoying bodyguard.

Patagilid siyang humiga sa kama, umaasang mapuksa ng kanyang pagkilos ang mga walang wawang ideyang lumulutang sa kanyang isipan. Pinilit niyang makatulog, ngunit ayaw siyang sapian ng antok.

Biglang may malakas na rambulan mula sa labas na gumulantang sa katahimikan ng buong apartment. Napaigtad si Andy mula sa pagkakahiga sa kama. Madali niyang kinuha ang G-22 pistol sa ilalim ng kanyang unan. Nagtatakbo siya patungo sa kuwarto ni Gabby at nakabangga ito sa pasilyo. Narinig din nito ang malakas na kalabog mula sa hallway. Sabay silang naglakad patungong main door.

Iiral sana ang pagka-gentleman ni Gabby at ito mismo ang magbo-volunteer na silipin ang nasa likod ng pinto. Ngunit mabilis si Andy at sinenyasan niya itong pumirmi sa isang tabi. Pinandilatan niya ito ng mga mata at iwinagayway ang bitbit niyang armas. Nanahimik naman si Gabby at hindi na siya binuntutan pa.

Marahang binuksan ni Andy ang pinto. Halos mabingi siya sa lakas ng dagundong ng kanyang puso. Napansin niyang pasmado ang kamay niyang nakapatong sa seradura. Ano kaya ang bubulaga sa kanya pagbukas niya nito? It was better to face danger head on than for it to find them cowering in fear.

Sinilip niya ang makulilim na hallway sa maliit na puwang ng pinto. Ngunit wala naman siyang

nakitang nakakabahalang bagay o tao. Kapagdaka ay tuluyan na niyang binuksan ang pinto at lumabas sa hallway. Napansin niyang nakasunod na sa kanya ang anino ni Gabby.

"Ano ka ba? Di ba sabi ko sa iyo, maghintay ka sa loob?" pabulong na singhal niya sa binata. "You're making yourself an easy target."

"Ikaw din, alam mo ba iyon?" ngitngit nitong sagot.

Ibinaba ni Andy ang kamay sa tagiliran at bumuntong-hininga. Wala naman palang masamang damo sa labas. She felt a wave of relief flowed through her entire body. Nevertheless, she was still going to scout around para makasiguro. Pagagalitan muna niya si Gabby sa hindi nito pagsunod sa kanyang utos.

Ngunit bago pa niya ito makastigo, may biglang malakas na ingay ulit na lumutang sa ere. Agad niyang itinulak si Gabby papasok ng unit at itinaas ang kanyang baril, handang asintahin kung sino man iyong parating.

Matapos ang ilang segundo, dalawang pigura ang nakita ng kanyang mga mata. Isang babaeng umaalalay sa isang lalaki na pasuray-suray kung

maglakad. Hindi pa siya nakikita ng mga ito dahil ang babae ay abala sa pagtulong sa mamang halos tumumbalelong sa kalasingan.

"Mga nakatira iyan sa kabilang unit. Ibaba mo na ang baril mo," hirit ni Gabby mula sa pintuan.

Inilagay ni Andy ang baril sa likuran ng kanyang shorts. Malaki ang pasalamat niya na false alarm lang pala ang ingay na iyon. Ngunit sa kabila nito, mabigat pa rin ang kanyang dibdib dahil hindi siniseryoso ni Gabby ang mga pinagagagawa niya rito. Kung nagkataong mga masamang tao ito, kanina pa ito nalagay sa panganib.

"Hey, Gabs," anang babae pagdaan sa harap ng unit ng binata. "I'm so sorry. Nagising yata namin kayo sa ingay. Ito kasing si Miles, nalasing sa dinner party namin ngayon at kanina pa pinagpupupukpok ang mga pader. Buti nga't nahabol ko bago makawala."

"Tulungan na kita, Anette," ani Gabby na inalalayan ang kabilang balikat ni Miles.

Siyempre pa, like the ever reliable bodyguard, binuntutan ni Andrea ang tatlong itlog papasok sa apartment nina Miles. Siya pa ang naging taga-bukas ng pinto. Matapos nilang iposisyon si Miles sa sofa, bumalik na silang dalawa ni Gabby sa loob ng

unit nito.

"Pasalamat ka, Mr. Monreal, na lasing lang palang mga kapitbahay ang may gawa ng ingay. Kung iyon ang may tangka sa iyo, kanina ka pa napahamak. Bakit ba kasi hindi ka nakinig sa akin at naghintay dito sa loob?" malumanay niyang tanong. Nagulat siya sa kalmado niyang tono dahil deep inside, she was like a raging fire. Nakakairita na talaga itong si Gabby.

Ipinaraan nito ang kamay sa kanyang mahabang buhok. "I'm sorry, Andy. I know you're doing your job. Pero gaya nga ng sabi mo, buhay ko ito. I'm not going to wait here inside like a scared cat. No way. And it's not about my pride either. Gusto ko lang talagang malaman kung ano ang nangyayari."

Pinilit niyang deadmahin ang ginawa nito sa buhok niya. Ano kaya ang ibig nitong sabihin? She chalked it up to a nervous gesture. Tumango na lamang siya. Naiintindihan niya si Gabby. "Fair enough," niya. "Pero sa susunod, at least bring a weapon para hindi ka easy target."

"Yes, Ma'am," sagot nito sabay saludo.

If it had been any other time, maiinis siya. Pero nakilala na rin niya si Gabby the past couple of weeks

at alam niyang wala itong masamang intensyon sa ginawa. Mahilig lang talaga itong magbiro. He had a great sense of humor.

Napalunok si Andy. Apparently, his sense of humor was not the only great thing about him. She noticed the greatness bulging in between his legs. Ngayon lamang niya napansin na naka-boxers lang pala itong si Gabby. She was very aware of the half-naked man before her.

Pinilit niyang ibaling ang kanyang tingin, ngunit parang may kung anong magneto mayroon ang magandang hubog ng katawan nito. Hindi niya maiiwas ang mga mata sa maganda nitong pectoral muscles at six-pack abs. Laking pasalamat niya na ang nightlight lamang mula sa kusina ang nakasindi, kaya nakubli ang pamumula ng kanyang pisngi.

Lingid sa kaalaman ni Andrea, hindi lamang ang kanyang mga mata ang naglalaro. Gabby could not help but think Andy was simply breathtaking sa suot niyang simpleng pantulog na blue short shorts at puting tank top. Nakakabaliw para sa binata ang realisasyong walang suot na bra ang bodyguard. It took all his self-control not to reach out and touch her.

Si Sergeant Maramot ay hindi tulad ng ibang

babae na puro anggulo at buto ang katawan dahil sa kaka-diet at kakapa-liposuction. Si Andy ay hindi banidosa at walang bahid ng kaartehan. Hindi rin nito batid ang angking kagandahan kaya wala itong anumang ere. At ang mga katangiang ito ay ilan lamang sa mga nagustuhan niya sa dalaga. Now add to the list, the perky tilt of her perfectly round breasts. She looked every inch a real woman—curvy in all the right places.

Nagtama ang kanilang mga mata nang ilang segundo. At sa mamahikang saglit na iyon, pakiwari ni Andy, nabasa ni Gabby lahat ng lihim sa kaibuturan ng kanyang puso. Gusto niyang magtatakbo para magtago at maikubli ang mga nagrarambulang emosyon sa kanyang dibdib.

Gabby willed her to hold his gaze. Noong una nilang pagkikita, napansin na niya ang magagandang mata ng policewoman. Her eyes were very expressive, kaya noon pa man, batid niyang naasar ito sa mga sinabi niya. Bilugan ang mga mata ni Andy. Mahaba at makapal ang mga pilikmata. Looking at the silvery pools of her pupils made him want to swoon, but she averted her gaze.

“Sige, good night,” bulong ni Andy, na nagmamadaling pumasok sa loob ng kuwarto na

para bang hinahabol ng aso.

Gustong pigilan ni Gabby ang dalaga ngunit wala siyang magawa kundi tingnan ang papaalis nitong likod. Kapagdaka ay pumasok na rin siya sa sariling silid. In the quiet of his room, her tantalizing eyes invaded his imagination.

Pinilit niyang matulog ngunit ayaw dumapo ng antok. Nagpaikot-ikot siya sa kanyang kama, hinahanap ang tamang posisyon, ngunit hindi niya ito makamit. Ang tanging nasa isipan niya ay ang seksing babae sa kabilang silid. He put his hand on the wall dividing their room. Pakiwari niya, nahahawakan na rin niya ang makinis na balat ni Andy.

Sa puntong iyon, nainis siya sa sarili sa mga aroganteng bagay na sinabi niya sa una nilang pagkikita sa opisina ng hepe. To his defense, agitated siya dahil sa mga nangyayari and he really did not mean to be an a*shole. If he could only turn back the time and make things right, he would. Pero wala na yata siyang magagawa dahil na-turn off na si Andy nang tuluyan sa kanya. Halata iyon sa malamig na pakikitungo nito sa kanya. Iniling ni Gabby ang ulo at tinabunan ng unan ang kanyang mukha.

Nasa huli talaga ang pagsisisi.

Matapos ang gabi ng engkwentro nila sa pasilyo, naging matahimik ang kanilang pagsasama. It was as if there was a silent truce between the two of them. Naging very cooperative si Gabby sa mga utos ni Andy. At si Andy naman, wala nang pakiyeme-kiyeme pa sa pagpapanggap na mag-on silang dalawa tuwing lalabas sila at makikita ng publiko. Andy was slowly being accustomed to the limelight. At naging madali ito para sa kanya dahil sa fashion and makeup tips nina Ronnie at James.

Makalipas ang tatlong linggo, may kumatok sa pintuan ng unit. Katatapos lamang nilang kumain ng hapunan na inihanda ni Gabby. Nagulantang nga siya na magaling pala itong magluto. He was very at home in the kitchen. Whoever coined the phrase 'the way to a man's heart is through his stomach' knew what he was talking about. In their case though, it was the other way around dahil si Gabby ang nagluto para sa kanya.

At hindi lamang iyon ang ikinagulat niya. Kanina habang kumakain, nabanggit ng superstar na ito ang may-ari ng pinakasikat na restaurant ngayon sa may Tomas Morato Ave., ang *Roadhouse Café* na laging puno ng tao. Halos mahulog nga siya silya

nang sabihin nitong tumutulong ito sa kusina niyon every now and then.

"Ikaw ang may-ari n'on?" gulat niyang pahayag.

"Why is it so hard to imagine that I own a restaurant?"

"I'm just surprised. Wow!"

"Andy, hindi ako magiging artista habang buhay. One day, mawawala ang interes sa akin ng publiko. This way, may fallback ako dahil my other business is thriving."

Nakakunot ang noo, sinabi niya, "I don't doubt your business acumen nor your cooking skills. Ang ipinagtataka ko lang, bakit hindi nakabalandra sa mga magazines that you own the place? Eh, alam yata ang lahat ng paparazzi ang kilos mo."

Napangiti si Gabby. "Let's call it loyalty. Mapagkakatiwalaan ang aking kitchen staff. They've been with me for a long time kaya walang nagtitiktik sa press. I like to keep that part of my life private. Something to call my own, 'ika nga, dahil lahat ng ibang detalye ay nakabuyangyang para sa publiko."

Andy was really impressed. Magaling nga talaga sigurong makisama itong si Gabby for his people to

be fiercely protective of him. At may foresight pa ito. He was clearly grounded on reality because he knew that his popularity was not forever. Para tuloy may kung anong kumiliti sa puso niya.

"I trust, you'd keep this a secret too?" tanong nito sa kanya.

"But of course!" sagot niya habang taimtim na kinukutingting ang laman ng kanyang pinggan. Hindi siya makatingin nang tuwid sa binata because she wouldn't want him to see her tomato red face. Oh, how her heart was pining for him.

Muling kumalabog ang pinto na siyang pumutol sa pagmumuni-muni ni Andy at nagbalik siya sa kasalukuyan.

"Ako na'ng magbubukas," aniya habang naghuhugas ng kamay dahil katatapos lamang nilang kumain ng iniluto ni Gabby na ginataang alimasag.

"I'll do it. I doubt kung kontrabida iyan dahil mahigpit ang security sa baba. Di ba nasabihan mo na ang mga guwardya?"

Tumango si Andy. "Fine. Ikaw na ang magbukas. Huhugasan ko na rin itong mga pinggan. Baka si James din 'yan. Sabi niya dadaan daw sila dito ngayon."

Pumipito si Gabby patungong pinto. Pagbukas niya nito, nawala lahat ng hangin sa kanyang baga nang bigla siyang sunggaban ng dalawang kamay. Magpa-panic na sana siya, subalit nakita niyang masyadong maliit, makinis at maputi ang mga bisig na nakaangkla ngayon sa kanyang balikat para maging pag-aari ng mamamatay tao.

"Darling, I've missed you," Mariel crooned into his ear.

Gustong sapakin ni Gabby ang babae for scaring the life out of him. Si Mariel lang pala, isang society maven at old fling na matagal nang nakipag-split sa kanya. Mga anim na buwan na niya itong hindi nakikita. Marahas niya itong itinulak. "What are you doing here? Akala ko ba, tapos na sa atin ang lahat?"

"Am I not entitled to change my mind?" sagot nito habang nilalaro ang kanyang buhok at ikinikindat ang mga mata kay Gabby.

Ngunit walang epekto sa kanya ang pang-aakit nito. "Hindi ko alam kung paano ka nakalusot sa security. Pero please, bago ko sila tawagin, umalis ka na."

"Oh, I know you don't mean that," anito. At bigla

siya nitong niyakap ulit at hinalikan ang kanyang leeg. "I need you now, Gabs. So bad," malagkit nitong sabi, habang walang patid sa marahang pagkagat sa leeg niya na para bang bampira.

Itutulak na sana ni Gabby ang haliparot palabas ng pinto, pero kusa itong tumigil sa paglapastangan sa kanyang leeg. "Sino siya?" matalas nitong tanong.

Bumitaw si Gabby sa yakap ni Mariel. Pakiwari niya, talo pa niya ang isang magnanakaw na nahuli sa akto. He felt Andy's eyes burning a hole in his back. Sa tagal nilang magkasama sa ilalim ng kanyang tahanan, he could easily detect her presence with that delectable floral scent of hers. Dahan-dahan niyang hinarap ang dalaga. He was actually scared to read what was written in her eyes.

Nakapamaywang si Andy at nakataas ang kilay. "I'm the one who should be asking you that, Miss."

Gabby saw curiosity in her eyes. Nadismaya siya. Umaasa siyang makakita ng bahid ng selos doon. Napakurap si Andy. Pagdilat nito, he could not help but think: Was that a trace of anger there for a split-second? Ngunit pumikit muli ang dalaga. Pagbukas ni Andy ng mga mata, hindi na niya iyon mabasa. Marahil imahinasyon lamang niya ang nakita kanina.

Hindi maintindihan ni Andy ang kanyang naramdaman. She felt so damn jealous. Wala itong kabuluhan dahil strictly professional lamang ang relasyon nila ni Gabby. Naiinis siya sa binata dahil sa epekto nito sa kanya. Naiinis din siya sa babaeng malandi dahil sa ginagawa nitong pag-angkla kay Gabby. At higit sa lahat, naiinis siya sa sarili dahil sa kanyang naging reaksyon. It made no sense at all.

Hindi na hinintay ni Andrea na may magsalita pang muli. Like a well-trained police officer, siya na mismo ang gumawa ng paraan para matapos ang komprontasyon. Pinatong niya ang kanyang kaliwang kamay sa kanang braso ni Gabby at hinapit ito papalapit sa kanya.

"Who's she, honey?" she asked ever so sweetly habang hinihimas ang bicep nito.

Inakbayan siya ni Gabby at inihilig ang likod niya sa dibdib nito. Ang galing talaga nitong aktor at parang in love na in love sa kanya habang nilalaro ang kanyang buhok, na nagbigay ng kung anong kilig sa buo niyang katawan. "Wala, hon, no one important. Sales lady, naglalako ng sabon. Hindi kami interasado, Miss."

Nanlisik ang mga mata ni Mariel. "The nerve!"

Ngunit bago pa man ito makagawa ng ano pang iskandalo, padaskol na isinara ni Gabby ang pinto sa namumula nitong mukha. Wala munang umimik. Hinintay ng dalawa na sipain o pukpukin ng babae sa labas ang pintuan, ngunit wala namang umasulto sa nananahimik na kahoy.

Matapos ang ilang saglit, humarap si Gabby sa kanya at nagpaliwanag. "Sorry about that. Obviously she got the message at mukhang umalis naman na siya. She's an insignificant woman who's very much a part of my past."

"Hindi mo kailangang humingi ng paumanhin. Labas ako sa pribado mong buhay," sagot ni Andy.

"Oh, but you are very much a part of my private life. Nakatira ka sa bahay ko at nagpapanggap na girlfriend ko," katuwiran nito.

Tumango si Andy. In doing so, bits of her hair covered her face na hinawi naman agad ni Gabby. At sa ginawa nito, nakadama siya muli ng kung anong kilig mula sa taluktok ng kanyang buhok patungo sa dulo ng mga kanyang talampakan.

"Ugh, may point ka nga diyan," aniya. Wala siyang lakas na tumingin nang derecho sa binata. Minabuti niyang maglakad patungong sofa at maupo

roon. Sumunod naman agad si Gabby.

“Si Mariel kaya ang may pakana ng death threats sa iyo? You never mentioned her before.” Minabuti niyang ibaling ang paksa sa trabaho. That subject she could handle with ease.

Umupo si Gabby sa kanyang harapan. Laking pasalamat ni Andy na hindi ito tumabi sa kanya. His mere presence was distracting her. “I never mentioned her kasi hindi siya importante. I doubt kung si Mariel ang may pakana nito. She’s too stupid to concoct something like this. At antipatika man siya, she’s really harmless.”

“Kahit na sa palagay mo pang harmless, we still have to make sure you stay away from her. Mabuti na’ng maingat,” paliwanag niya. Sa loob-loob niya, sekretong naligayahan si Andy na may makabuluhang dahilan kung bakit kailangang hindi makipagkita si Gabby kay Mariel.

“Hay, Andrea, hindi mo kailangang sabihin sa akin iyan. Matagal naman na akong walang planong makipagkita sa babaeng iyon. Kusa lang siyang bumulaga sa harap ng ating pintuan,” anito.

Ito ang unang pagkakataon na tinawag siya ni Gabby gamit ang buo niyang pangalan. She liked the

way her name rolled on his tongue. Nakakakilig. She felt like one foxy lady. At mas lalo pa siyang natuwa sa sinabi nito: 'ang ating pintuan'. Alam niyang wala itong kahulugan para kay Gabby. But for her, that slip of the tongue was somehow good enough.

---

Kinaumagahan, dumerecho sila sa *Broadway Centrum* dahil may guesting si Gabby sa *Eat Bulaga* para i-promote ang bago nitong action movie. Malapit nang matapos ang pelikula at gusto ng producer na masimulan agad ang publicity.

Gaya ng nakagawian, naghihintay sila ngayon sa dressing room. Masaya silang nagkukuwentuhan nang may pumasok na P.A. sa loob. "Excuse me po, Sir, Ma'am, tumawag ho si Franchesca at may lagnat daw po siya. Sabi po ng executive producer sa in-house artist na lang daw po kayo magpa-makeup, Sir. Si Queenie po iyon."

"Ganoon ba? Ni hindi man lang nag-text si Chesca sa akin," nagtatakang sagot ng matinee idol.

"Payag ho ba kayo na ibang makeup artist na lang?" tanong ng P.A. Tumango si Gabby. "Sige, Sir, sasamahan ko na lang kayo kay Queenie. Sa dressing room C dahil naroon na lahat ng kanyang gamit,"

anito.

“Isn’t this a bit suspcious? Bakit hindi man lang nagpaabiso si Tito James? Or bakit hindi man lang tumawag si Chesca gaya ng sabi mo? Kilala mo ba itong si Queenie?” sunud-sunod na tanong ni Andy habang naglalakad sila patungo sa kabilang dressing room.

Natawa si Gabby at inakbayan siya. “Relax ka lang, Andy. Nangyayari ang ganito at hindi ibig sabihin na may masamang dahilan. Don’t you think you’re being too paranoid?”

Umiling si Andy. “It’s part of my job to be paranoid. Praning na kung praning, but I have to be sure you’re safe. Kakausapin ko muna itong si Queenie before she lays a finger on you.”

“Touched naman ako sa concern mo, Sarhento, pero hindi na kailangan,” bulong nito sa kanya. “Queenie has done my face in the past. Tatagal rin lang at malapit na akong isalang sa harap ng kamera.”

Matapos ang ilang saglit, napasok nila ang silid kung saan naroon si Queenie, na kalahi ni Chesca. Mabilis nitong naayos ang foundation ni Gabby sa harap ng isang vanity na may malaking salamin at

pinalibutan ng yellow lightbulbs.

“Ano, Sir, pasado ho ba?” tanong nito habang tinitingnan ni Gabby ang hitsura sa salamin.

“Yup. Maraming salamat ha. Alam kong last minute ito,” sagot nito sabay abot ng kamay kay Queenie. Nakita ni Andy na may nakaipit na tip sa kamay nito.

“Ay, hindi na po, Sir. Ito talaga ang trabaho ko.”

“Hindi bale. Pang-merienda mo lang,” sagot nito.

Parang nag-tumbling ang puso ni Andy sa nasaksihan. Mabait nga itong si Gabby. Hindi nito nakakalimutan ang maliliit na tao sa paligid nito.

Nahihiyang kinuha ni Queenie ang pabuya at pagkatapos ay inayos na ang mga gamit. Si Gabby naman ay tumayo patungo sa likod ng pinto. Naroon ang isang full-length mirror. Inayos nito ang suot na damit.

Natuwa si Andy habang palihim na pinagmamasdan ang bawat galaw ng artista. She could not fathom how a man as big as him could be so graceful. Nakakawili itong panoorin. Subalit isang malakas na kislap at putok mula sa gilid ng

kanyang mata ang umagaw sa kanyang atensyon.

Sabay-sabay nagputukan ang anim na bumbilya sa vanity table kung saan kalilisan pa lamang ni Gabby. Nabasag ang malaking salamin na pinalilibutan nito.

“Hesusmaryosep!” hiyaw ng makeup artist, na biglang napaupo dahil sa lakas ng putukan.

Napalingon agad si Gabby sa direksyon ng tunog.

“Umalis ka diyan sa tabi, Queenie. Baka pumutok ang ibang natitirang ilaw at ikaw ang matamaan,” babala niya rito. Agad niyang pinatay ang switch sa tabi ng salamin at pinukpok ang mga natitirang bumbilya gamit ang takong ng kanyang sapatos.

“Buti na lang, Sir, tumayo kayo. Dahil kung nagkataong diyan sa salaming iyan ninyo tinitigan ang inyong sarili, baka nasunog ang mukha n’yo ng mga pumutok na ilaw. Ibang klaseng kamalasan naman ito. Sabay-sabay pa,” hindi magkandatutong sabi ni Queenie.

Nagkatinginan si Andy at si Gabby. Sila lamang ang nakakaalam na hindi isang simpleng kamalasan ang nangyari. Ngunit bago makapagsalita ang isa sa kanila, pumasok muli ang P.A. sa silid. “Ano po ang nangyari dito?”

"Nagputukan ang mga bumbilya," matigas na sagot ni Andy. "Sabihin mo nga sa 'kin, sino ba ang mga nagsipasok dito bago kami?"

Nagkamot ng ulo ang P.A. "Naku, Ma'am, marami po. Lahat ng tao dito sa backstage ay maaaring makapasok dito. Cleared po ang lahat ng may ID."

Napailing si Andy. "Mabibigyan mo kaya ako ng pangalan nila?"

"Naku, Ma'am, sorry po. Sa dami ng crew, maintenance personnel ng *Broadway*, production staff at iyon pong alalay ng ibang artista, hindi ko po talaga masasabi kung sinu-sino ang gumamit ng silid na ito."

"Ikaw, Queenie, kilala mo ba ang mga nagsipasok dito ngayon?" urirat niya sa makeup artist.

"Naku, Ma'am, ang mga talents po. Sina Bossing Vic at Kuya Joey. Ang ibang mga dancers. Ako pa kasi ang bahala sa retouch nila. At puwede rin po ang mga nabanggit ng P.A. Hindi naman kasi sa lahat ng oras, nakakulong ako sa kuwartong ito."

"Damn!" sigaw niya sabay pukpok ng nakakuyom na kamao sa mesa. Halatang nagulat si Queenie at ang walang kamalay-malay na P.A.

Ipinatong ni Gabby ang mga kamay sa balikat ng dalaga para pakalmahin ito. “It’s okay, Andy,” bulong nito sa kanya.

Kagat-labing tumango siya. Wala naman talaga siyang ibang magagawa pa.

“Ah… eh, Sir, kailangan n’yo na daw pong mag-take in five minutes,” nag-aalangang sabi ng P.A.

“Sige, we’ll be out in a minute,” anito. Nakuha naman ng dalawa ang kanyang pahiwatig at sabay lumabas ng dressing room C.

“I’m sorry, Gabby. I should’ve insisted on a thorough inspection bago tayo nagpunta dito. Hindi ko mapapatawad ang sarili ko kung may nangyari sa iyo,” aniya habang sinusuri ang mga nagsiputukang bumbilya.

“Look, it’s not your fault. ”

“Oh, but it is,” aniya habang may kinukuhang maliit na bagay malapit sa nabasag na salamin. “Nakita mo itong hawak ko, isang remote transmitter. Alam ng naglalagay nito diyan na dito ka sa silyang ito uupo ngayon.” Bumulwak ang asido sa kanyang tiyan. She had a very, very bad feeling about where this chip came from.

"Hindi mo kasalanan. Malay mo bang diyan nila sa vanity ilalagay iyan," mariin nitong pahayag.

"Huwag ka munang sumalang sa kamera. Please lang. Baka kasi may iba pa silang balak."

"No way," he said firmly. "Ito marahil ang gusto nila, to back me up in a corner, scared. I won't give them that satisfaction. I'm so sorry, Andy, but I'm going on air to do my job."

"Okay. Kung iyan ang desisyon mo, wala akong magagawa. I'll be watching in the sidelines."

Habang palakad sila patungo sa entablado, kinuha ni Gabby ang kanyang kamay. "Relax, Andy. Imposible namang barilin nila ako sa gitna ng stage, hindi ba?" biro nito sa kanya.

Kikiligin na sana siya sa ginawa nitong paghawak sa kanyang kamay, ngunit lalo lang siyang naging tense sa sinabi nito. Agad niyang hinigit ang kamay papalayo na para bang napaso ng plantsa.

"Huwag ka ngang ganyan. It's already against my better judgement to have you step out in front of the camera. Mang-asar ka pa at ipoposas kita para hindi makalayo sa akin."

"Now that you mentioned that option, parang

mas gusto ko yata ang nakaposas na lang sa kamay mo," sagot ng binata.

"Very funny. Ang galing mo talagang sumakay sa mga biro. Sige na, hinihintay ka na nila," aniya rito.

Mula sa tagiliran, pinanood ni Andy ang movie star in action. Under the glow of the spotlight, the evercharming Gabby became even more charismatic. May pagka-unfair din nga naman ang Diyos, dahil nang nagsabog ito ng kaguwapuhan, parang nasalo yata ni Gabby ang lahat. Sino kaya ang may galit dito nang ganoon para gawin iyon? Whoever it was, he certainly wanted Gabby's face destroyed.

Muling lumipad ang ulo ni Andrea sa mga nangyari sa dressing room. Kung sino man ang mastermind, may access ito sa restricted area ng backstage. O kung hindi man, may bayaran itong tao para makakilos nang libre sa loob. Hindi lang ito basta-bastang deranged fan. Nakakasiguro siyang isa itong tao malapit kay Gabby para malaman nito ang takbo ng schedule nito.

---

Matapos ang TV guesting nito, dumerecho agad sila sa sasakyan. May pictorial si Gabby sa *Manual*,

isang men's magazine, at doon sa studio ang punta nila. Agad tinawagan ni Gabby si James para sabihin ang mga nangyari. Tahimik silang nakaupo ngayon sa likuran nang kumililing muli ang cellphone ni Gabby.

Nabasa ni Andrea ang galit sa mga mata nito. "Sh*t! How can they do that?" sigaw ni Gabby. Pagkaraan ng ilang saglit, ang sabi nito ay, "Okay, okay fine." Tiningnan siya nito habang ipinasok ang telepono sa breast pocket ng suot na polo.

"Ano'ng balita?"

"Tinawagan ni Tito James si Chesca matapos naming mag-usap. Wala pala itong sakit. Nakatanggap daw ang katulong niya ng mensahe mula kay Tito Ronnie na hindi daw matutuloy ang telecast kaya hindi siya nagpunta. He did not have a reason to be suspicious so hindi na lang siya tumuloy."

"Si Tito Ronnie?"

"Imposible talaga. It must be an impostor pretending to be Tito Ronnie. Iyon ang suspetsa namin ni Tito James. And Tito Ronnie himself is livid. Ang kapal ng mukha ng gumagawa nito," ani Gabby.

Sa puntong iyon, biglang napatapak sa brake si

Badong at napadausdos sila nang kaunti. “Dahan-dahan naman diyan, Badong,” pagalit ni Gabby.

“Pasensya na, Sir. May batang biglang tumawid,” sagot ng driver mula sa unahan. “Hindi na po mauulit.”

“Iderecho mo na lang kami sa bahay nina Tito James,” utos nito.

“Good. I was just going to suggest na huwag mo na munang ituloy ang pictorial mo,” ani Andy.

Napangiti si Gabby. He playfully tugged her hair, a habit she was growing accustomed to. “Tuloy pa rin. Sa bahay na lang nina Tito James gagawin para kontrolado ang pasok ng mga tao.”

Napakurap si Andy. She liked this feeling of camaraderie between them. “Mula ngayon, kailangan pa tayong maging mas mahigpit. You are to take instructions from no one other than me, or Tito James. Ido-double check ko lahat sa kanya ang schedule mo at ang mga taong dapat nasa paligid mo.”

Tumango si Gabby at ipinagpatuloy ni Andy ang kanyang litanya. “Bukas, take a day off. I want to report this to Chief Esqueta. Baka sakaling pumayag sa proposal ko na magdagdag ng taong naka-assign

sa iyo. After that, would be Saturday, fans day mo. Masyado kang mai-expose. Mahirap para sa ating i-control ang mga tao. Mabuti pa kayang i-cancel mo muna. Masyadong mainit."

"Hindi puwede. Gaya ng sabi ko kanina, ito mismo ang gusto nilang mangyari. I'm not going to change my schedule for anyone."

"Listen to reason, Gabby. Buhay mo ang nakataya."

Marahas nitong iniling ang ulo. From the tense set of his chin, alam ni Andy na nakapagdesisyon na ito. "Mahal ako ng fans ko. Kung hindi dahil sa suporta nila, I will not be where I am now. Ayaw ko silang ma-disappoint."

"We'll just have to make sure that security is tighter then. Wala na akong ibang magagawa pa," aniya. At wala na nga siya talagang ibang magawa, dahil ang guwardyado niyang puso ay unti-unti nang nahuhulog para sa binata sa kanyang tabi, na abalang hinihimas ang kanyang buhok. Try as she might to continue hating him, she just did not have the strength to do it. Habang lalo niyang nakikilala si Gabby Monreal, the harder she was falling for him.